

IPINAGBABAWAL NG BATAS NG CALIFORNIA ANG DISKRIMINASYON AT PANLILIGALIG SA MGA SHELTER



Civil Rights
Department
STATE OF CALIFORNIA



Nalapat ang mga batas sa makatarungang pabahay ng California sa lahat ng mga shelter, kabilang ang mga shelter na pang-emergency, pangdamagan (overnight), at transisyonal. Nagpapatupad ang Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department, CRD) ng mga batas na pumoprotekta sa iyo mula sa labag sa batas na diskriminasyon at panliligalig sa mga shelter batay sa iyong aktuwal o ipinagpapalagay na:

- Ninuno, bansang pinagmulan
- Pagkamamamayan*
- Kapansanan, mental o pisikal
- Pagkakaroon ng menor de edad sa sambahayan
- Pagkakakilanlan sa kasarian, pagpapahayag sa kasarian
- Henetikong impormasyon
- Katayuan sa imigrasyon*
- Katayuan sa kasal
- Katayuan sa militar o katayuan bilang beterano
- Pangunahing wika*
- Lahi, kulay
- Relihiyon
- Kasarian
- Oryentasyong seksuwal
- Pinanggagalingan ng kita

SEKSUWAL NA PANLILIGALIG: Labag sa batas ang seksuwal na panliligalig, nangyayari man ito sa pagitan ng mga tauhan ng shelter at ng mga residente, o sa pagitan ng mga residente. Kabilang sa seksuwal na panliligalig ang mga kahilingang makipagtalik o gumawa ng mga seksuwal na kilos upang manatili sa shelter. Kabilang din sa seksuwal na panliligalig ang iba pang hindi ninanais na seksuwal na gawi na nagpapahirap sa pagtira o ginagawang hindi komportable ang pananatili sa shelter. Ang biktima ng seksuwal na panliligalig ay maaaring maging indibidwal ng alinmang kasarian. May tungkulin ang mga shelter na pigilan ang seksuwal na panliligalig sa pagitan ng mga nakikilahok sa programa.

MGA PROTEKSIYON BATAY SA ORYENTASYONG SEKSUWAL, PAGKAKAKILANLAN SA KASARIAN, AT PAGPAPAHAYAG SA KASARIAN: Labag sa batas ang pagdiskrimina laban sa o manligalig ng mga indibidwal sa shelter batay sa kanilang oryentasyong seksuwal, pagkakakilanlan sa kasarian, o pagpapahayag sa kasarian. Kabilang dito ang mga indibidwal na kinikilala ang sarili bilang transgender at mga kinikilala ang sarili bilang non-binary. Dapat tukuyin ng mga shelter ang iyong kwalipikasyon para sa pabahay anuman ang iyong oryentasyong seksuwal o pagkakakilanlan sa kasarian. Dapat silang magbigay sa iyo at sa iyong pamilya ng patas na access sa mga programa at pasilidad na naaayon sa iyong pagkakakilanlan sa kasarian.

Hindi maaaring humiling ang mga shelter ng impormasyon mula sa iyo tungkol sa iyong anatomiya (iyong katawan), o humiling ng pisikal o medikal na katibayan ng iyong pagkakakilanlan sa kasarian. Kailangang magsagawa ang mga shelter ng mga hakbang na hindi nagdidiskrimina upang matugunan ang mga alalahanin sa pagkapribado at kaligtasan ng lahat ng residente.

MGA TAONG MAY MGA KAPANSANAN: Dapat tiyak ng mga shelter na ang lahat ng taong may mga kapansanan ay hindi pagdidiskriminahan sa anumang mga programa o serbisyo. Dapat ay kayang pisikal na mapuntahan ng mga taong may mga kapansanan ang shelter. Maaaring humiling ang mga taong may mga kapansanan ng makatuwirang akomodasyon o kaluwagan sa mga tuntunin at patakaran upang hayaan silang tumira, gumamit, at manatili nang maginhawa sa shelter nang tulad ng ibang walang kapansanan.

KATAYUAN SA IMIGRASYON, KATAYUAN SA PAGKAMAMAMAYAN, PANGUNAHING WIKA, BANSANG PINAGMULAN: Dapat tiyak ng mga shelter para sa mga walang tirahan na walang tao ang tinatrato nang iba kapag gumagamit sila ng mga serbisyo ng shelter, nang dahil sa kanilang katayuan sa imigrasyon, katayuan sa pagkamamamayan, pangunahing wika, o bansang pinagmulan. Pinoprotektahan ang lahat ng taga-California sa ilalim ng mga batas sa mga sibil na karapatan sa makatarungang pabahay ng California upang sila ay maging malaya sa diskriminasyon at panliligalig.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon batay sa isang protektadong klase, maghain ng reklamo. Ang isang reklamo sa CRD ay dapat ihain sa loob ng isang taon mula sa petsa ng huling akto ng diskriminasyon.

Kung mayroon kang kapansanan na nangangailangan ng makatuwirang tulong, maaari kang tulungan ng CRD sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Departamento ng Mga Karapatang Sibil
Walang Toll: (800) 884-1684
TTY: (800) 700-2320
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess

Para sa mga karagdagang pagsasalang-wika ng gabay na ito, bisitahin ang:
www.calcivilrights.ca.gov/posters/housing

* Sinasaklaw ng Batas ni Unruh ukol sa Mga Karapatang Sibil (Unruh Civil Rights Act), na naaangkop sa karamihan ng mga akomodasyon sa pabahay sa Californi para la mayoría de las adaptaciones de viviendas de California.